JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 3 - Modyul 3:
## Kultura ng mga Pangkat Etniko, Mahalagang Malaman



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________



# Alamin

Magandang araw mag-aaral!

Naniniwala ka ba na ang Pilipinas ay isang napakagandang bansa? Hindi lamang likas na yaman ang sagana dito kundi pati na ang kakaibang kultura tulad ng kwentong bayan, katutubong sayaw, at iba pa na nagpapatingkad sa bawat pangkat etniko sa iba't ibang rehiyon.

Ito ay sariling atin kaya't mahalin at ipagmalaki natin. Ikaw, kilala mo ba ang iyong kinabibilangang pangkat etniko?

Sa modyul na ito, iyong matututunan ang kahalagahan ng kultura ng iba't ibang pangkat etniko at paano ito ipagmamalaki.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito:

10. Naipagmamalaki / napahahalagahan ang nasuring kultura ng iba't ibang pangkat etniko tulad ng kwentong-bayan at katutubong sayaw. EsP4PPP-IIIc-d 20



# Subukin

Basahin ang mga pangungusap. Iguhit ang  kung ang pangungusap ay tama at  kung mali.

____1. Mayaman sa kultura ang bansang Pilipinas.
____2. Katumbas ng pagmamahal sa bayan ang pagpapahalaga sa kultura.
____3. Hindi kailangang alamin ang ating kinabibilangang pangkat etniko.
____4. Ang bawat pangkat etniko sa bansa ay may sariling kuwentong-bayan at katutubong sayaw.
____5. Iba-iba ang kultura ng bawat pangkat-etniko sa Pilipinas.
____6. Dapat ipagmalaki sa buong mundo ang ating sariling kultura.
____7. Hindi mo dapat sinasayaw ang mga katutubong sayaw.
____8. Dapat ilihim ang iyong pangkat etniko.
____9. Walang kwenta ang magbasa ng mga kwentong-bayan dahil hindi naman ito totoo.
____10. Ang pagmamalaki at pagpapahalaga sa sariling kultura ay katulad ng pagmamahal natin sa ating mga ninuno.

| Modyul 3 | Kultura ng mga Pangkat Etniko, Mahalagang Malaman |
|---|---|



# Balikan

Suriing mabuti ang *puzzle* sa ibaba. Bilugan ang mga salitang sa palagay mo ay may kaugnayan sa kulturang di-materyal.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | G | M | A | M | A | N | O | M | N |
| K | D | U | Y | A | N | U | M | O | K | I |
| K | A | U | G | A | L | I | A | N | U | O |
| A | S | I | G | A | L | L | T | U | R | P |
| B | A | Y | A | N | I | H | A | N | L | E |
| A | Y | U | M | W | A | L | P | B | A | K |
| N | A | M | A | D | A | S | A | L | I | N |
| O | H | I | N | B | O | D | T | A | A | L |



# Tuklasin

Basahin ang kwento.

**Maipagmamalaking T'boli si Tatay!**



https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/f/fb/Ph_locator_south_cotabato_t%27boli.png

Unang pagbisita ng mag-anak nina Abegail at Hadji sa South Cotabato, ang probinsya ng kanilang tatay. Sa kanilang pamamasyal, sa daan pa lamang ay excited na ang magkakapatid sa kanilang pupuntahan.

"Kuya Hadji, kakaiba naman ang suot ng mga tao rito. Makukulay ang kanilang damit at marami silang palamuti sa katawan mula ulo hanggang paa."

"Yon ba? Sila ay mga katutubong T'boli. Sabi ng aming guro, sila ang mga katutubong tao na naninirahan sa lugar na ito noon pa man at makukulay na T'nalak talaga ang kanilang kasuotan," sagot ni Hadji kay Abegail.

Dali-dali silang tumuloy sa isang kubo na yari sa kawayan na nasa pampang ng lawa kung saan maaari silang magpahinga, magkwento at hainan ng pagkain. Mabilis na inayos ng kanilang nanay ang mga gamit at ilang dalang pagkain.



Maya-maya pa ay nagsimula ng tumugtog at sumayaw ang mga T'boli. Maindayog ang kanilang mga galaw. Bawat sayaw ay ipinapaliwanag ni Tarhata na siyang pinakapinuno ng mga tagatanghal, ang mga kahulugan nito. Si Tarhata, na siyang pinakapinuno ng mga nagtatanghal. Mga sayaw para sa panliligaw, pagkakasal, paglalaban, pagwawagi at pag- ibig. Bawat yugto ay pinapalakpakan nila. Gustong-gusto ni Hadji ang sayaw ng ibon na isinagawa ng isang batang lalaking kasing-edad niya.

"Kayhuhusay nilang magtanghal! Talagang ipinagmamamalaki nila ang kanilang kultura at pagiging T'boli," pahabol ng kanilang nanay.

"Oo nga po. At kaygagara ng kanilang kasuotan. Mula sa ulo ay may paynetang may abaloryong tanso at salamin. Pati ang mga tansong sinturon ay tumutunog-tunog pa at ang mga anklet ay gayon din," dagdag ni Abegail.

"At pati mga tugtugin at awitin ay kakaiba ngunit tunay na maipagmamalaki kahit kanino man," banggit nman ni Hadji.

Biglang nagsalita ang kanilang tatay na kanina pa pala natutuwa.

"Alam ninyo, mga anak, nasisisyahan ako sa inyong mga sinasabi. Ang mga T'boli ay isa lamang sa napakaraming pangkat etniko rito sa ating bansa. Bawat pangkat ay may iba't ibang kwentong bayan, katutubong sayaw, awit, laro at iba pa. Ang pagkakaroon natin ng napakaraming pangkat etniko ay hindi kahinaan ng ating bansa. Ito ang nagpapakulay at nagpapaganda ng ating lahi. At bawat pangkat etniko ay tunay na ipinagmamalaki ng kanilang lahi."

"Dapat lang na ang isang tao ay may pagpapahalaga sa kanilang sariling kultura. Paraan ito ng pagmamahal sa kanilang bansa," sabat ng kanilang nanay.

Bigla uling nagsalita ang kanilang tatay, "Kaya naman ako ay talagang nagmamalaki sa aming mga katutubong T'boli. At dahil doon, nakilala at mahal na mahal mo ako, di ba? Ha ha ha!"

Biglang nagtawanan ang mag-asawa. Nagtataka namang nagtinginan ang magkakapatid na Hadji at Abegail.

Sagutan:

1. Ilarawan ang mga katutubong kasuotan ng mga katutubong T'boli.
   ___________________________________________________
2. Paano sumayaw ang mga katutubong T'boli?
   ___________________________________________________
3. Anu-ano ang mga uri ng katutubong sayaw ang nabanggit sa kwento?
   ___________________________________________________



# Suriin

**Tandaan Natin:**


Mahalagang maunawaan at igalang ang mga gawaing nagpapakita ng pagpapahalaga sa iba't ibang kultura ng mga pangkat etniko sa ating bansa. Kultura ang isa sa nagpapakilala ng isang bansa sa buong daigdig. Ang kultura ay nagpapakulay at nagpapakilala rin sa pagkamamamayan ng mga taong nakatira sa isang bansa.

Iba-iba ang kultura ng bawat rehiyon at bawat pangkat etniko. Makikita ito sa mga katutubong kasuotan tulad ng makukulay na *T'nalak* ng mga T'boli, kuwentong bayan at mga katutubong sayaw na nagpapahayag ng iba't-ibang saloobin at damdamin kagaya ng mga sayaw na para sa panliligaw, pagkakasal, paglalaban, pagwawagi at pag-ibig.

Ito ay nagpasalin-salin na mula pa sa mga ninuno. Hindi ito dapat mawala dahil sa nagbabagong panahon. Ito ay kaluluwa ng ating lahi na hindi dapat mapahiwalay at makalimutan dahil ito ang nagpapatunay ng ating pagiging makabansa.

Tandaan natin na ang pagpapahalaga at pagsasabuhay sa ating kultura ay isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa bansa. Mayaman at makulay ang kulturang Pilipino.

Suriin ang ilan sa mga kilalang mga katutubong sayaw.



**Tinikling**

Ang sayaw na ito ay nanggaling sa Leyte. Ginagaya nito ang galaw at kilos ng ibong tikling habang ito ay lumulukso sa pagitan ng mahabang kawayan.



**Maglalatik**

Ang sayaw na ito ay nagmula sa Laguna. Ito ay naglalarawan ng labanan ng mga Muslim at Kristiyano. Kanilang pinag-aagawan ang latik.

Sagutin ang mga tanong:

1. Kung ikaw ay aatasan na isayaw ang mga ito, ano ang iyong mararamdaman? Pangatwiranan.

   ______________________________________________

2. Bakit kaya mahalagang malaman mo ang iba't ibang kultura ng mga pangkat etniko ng ating bansa?

   ______________________________________________



# Pagyamanin

Isulat ang sarili mong saloobin.

Ang mga T'boli ay isang pangkat etniko sa Pilipinas na may sariling mga kuwentong bayan at katutubong sayaw.

Kung ikaw si Hadji o Abegail, paano mo maipagmamalaki ang yaman ng inyong kultura nang malaman mo na ikaw pala ay isang T'boli?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Talata

| **Mga Batayan** | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| 1. Nilalaman | **Lahat** ng pangungusap na ginamit sa pagpapahayag ng saloobin ay **malinaw.** | May **1-2 pangungusap** na ginamit ang **hindi masyadong malinaw.** | **Malayo** sa paksa ang naisulat |
| 2. Presentasyon | **Maayos at malinis** ang pagkakasulat ng talata. | **May kahirapang unawain** ang pagkakasulat ng talata. | **Mahirap** basahin dahil hindi maayos at malinis ang pagkakasulat ng talata. |



# Isaisip

Gamit ang mga salita sa kahon, buuin ang kaisipan na natutuhan mo sa aralin.

| | | |
|---|---|---|
| kultura | pagpapahalaga | bayan |
| pangkat-etniko | sayaw | |

Mahalagang maunawaan at igalang ang mga gawaing nagpapakita ng (1)________________ sa iba't ibang kultura ng mga pangkat etniko sa ating bansa. Ang (2)___________ ay nagpapakulay at nagpapakilala rin sa pagkamamamayan ng mga taong nakatira sa isang bansa.

Iba-iba ang kultura ng bawat rehiyon at bawat (3)_____________. Makikita ito sa mga katutubong (4) ___________, kuwentong (5)__________, at iba pa.



# Isagawa

Basahin at unawain ang sanaysay. Buuin ang tsart na nasa ibaba.

Ang rehiyong nasa katimugan ng Pilipinas ay ang Rehiyon IX. Marami sa mga naninirahan dito ay mga Muslim at mga Kristiyano. May iba't ibang pangkat ng Muslim gaya ng Tausog, Subanon, at Yakan.

Mayaman din sa kultura ang ating pangkat etniko. Kilala tayo sa mga sayaw tulad ng *Sua-sua* (isang sayaw sa pag-iisang dibdib), *Singkil* (sayaw ng isang prinsesa na pinapayungan habang madamdaming humahakbang sa apat na kawayan), at *Koparangkamanis* (sayaw panghukuman). Isa din sa kuwentong bayan na kilala rito ay ang *Manik Buangsi* na tungkol sa umiiral na pag-ibig sa pagitan ng isang mortal at imortal.

| **Kultura** | **Mga Halimbawa mula sa pangkat etnikong kinabibilangan mo** |
|---|---|
| Kwentong Bayan | |
| Katutubong Sayaw | |

Paano mo maipagmamalaki o mapapahalagahan ang mga ito?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

______________________________________________________________



# Tayahin

Piliin ang tamang sagot sa bawat pahayag. Bilugan ang titik ng iyong sagot.

1. Mayaman ang Pilipinas sa kultura.
   a. Tama, dahil iba-iba ang kultura ng bawat pangkat etniko.
   b. Tama, dahil mayayaman sa salapi ang mga nakatira dito.
   c. Tama, dahil maraming ginto sa bawat rehiyon.
   d. Mali, dahil iisa lang ang kultura sa buong bansa.
2. Ang inyong pangkat ay naatasang sumayaw ng tinikling para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Ano ang iyong gagawin?
   a. Sasali ako at sisikapin ko na matutunan ang sayaw na ito.
   b. Makikiusap ako sa guro na Hip Hop na lang ang isasayaw dahil iyon ang uso.
   c. Hindi ako sasali dahil mahirap ang sayaw na tinikling.
   d. Sasali ako sa pag-eensayo ngunit hindi ako dadalo sa araw ng pagtatanghal.
3. Ito ay tumutukoy sa paraan ng pamumuhay na nakagawian ng tao.
   a. Bandila
   b. Baybayin
   c. Kwentong bayan
   d. Kultura
4. Ano ang mangyayari kung patuloy na tatangkilikin ng mga kabataan ngayon ang ating mga katutubong sayaw?
   a. Patuloy na magniningning ang ating kultura.
   b. Magiging sanhi ito ng pagkawala ng ating kultura.
   c. Hindi sisikat ang mga Pilipino sa buong mundo.
   d. Aayawan na tayo ng mga dayuhan.
5. Nang dumalaw sa bahay ninyo ang inyong lola na mula sa Lanao ay ikinuwento niya na ang mga aswang ay hindi naman totoo at kuwentong bayan lamang iyon. Ano ang dapat mong gawin?
   a. Maniniwala ako dahil karamihan sa mga kwentong bayan ay mga kathang-isip lamang.
   b. Maniniwala ako dahil wala namang mawawala sa akin kapag ako'y naniwala.
   c. Hindi ako maniniwala dahil totoo talaga ang mga aswang sa Lanao.
   d. Wala sa mga nabanggit.

6. Bakit dapat na ang isang tao ay may pagpapahalaga sa kanyang kultura?
   a. Paraan iyon upang siya ay ituring na mabuting tao.
   b. Paraan iyon ng pagmamahal niya sa bansa.
   c. Paraan iyon upang ikahiya niya ang kanyang pangkat etniko.
   d. Wala sa mga nabanggit.
7. Mayroong iba’t ibang pangkat etniko na mayaman sa kultura ang Pilipinas. Alin sa mga sumusunod ang **hindi** nagpapakita ng kultura?
   a. Ang mga katutubong sayaw.
   b. Ang mga kwentong-bayan.
   c. Ang mga katutubong kasuotan.
   d. Ang mga likas na kapaligiran.
8. Sinabi ng inyong guro na kayo ay magtatanghal sa palatuntunang inihanda para sa mga mag-aaral mula Thailand upang ipakita sa kanila ang kulturang Pilipino. Alin sa mga sumusunod ang pipiliin ninyo?
   a. Sumayaw ng Pandanggo sa Ilaw
   b. Umawit ng nauusong kanta ngayon.
   c. Sumayaw ng katutubong sayaw ng Thailand.
   d. Lumikha ng bagong himig at tugtugin sa piano.
9. Si Amy ay isang Subanon. Madalas niyang ibinibida sa kanyang mga kaklase ang kanilang kultura. May pagpapahalaga ba siya sa kanilang pangkat etniko?
   a. Mayroon
   b. Wala
   c. Maaari
   d. Hindi ko alam.
10. Paano mo maipakikita na pinahahalagahan mo ang iyong sariling kultura?
   a. Makikinig ako ng mga katutubong awit.
   b. Magbabasa ako ng mga kwentong-bayan mula sa iba’t ibang rehiyon.
   c. Aaralin ko ang mga katutubong sayaw ng aking pangkat etniko.
   d. Lahat ng mga nabanggit.



# Karagdagang Gawain

Pumili ng isang kwentong-bayan o katutubong sayaw. Isulat kung anong katangian ng Pilipino ang ipinapakita nito.

Ang napili ko po ay isang (kwentong-bayan, katutubong sayaw) na ang tawag ay ________________________________.

Ito ay tungkol sa _____________________________________.

Ipinapakita nito na ang mga Pilipino ay _______________________

__________________________________________________________.





# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN:**

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | G | M | A | M | A | N | O | M | N |
| K | D | U | Y | A | N | U | M | O | K | I |
| K | A | U | G | A | L | I | A | N | U | O |
| A | S | I | G | A | L | L | T | U | R | P |
| B | A | Y | A | N | I | H | A | N | L | E |
| A | Y | U | M | W | A | L | P | B | A | K |
| N | A | M | A | D | A | S | A | L | I | N |
| O | H | I | N | B | O | D | T | A | A | L |

**Suriin:**

1. ☺
2. ☺
3. ☹
4. ☺
5. ☺
6. ☺
7. ☹
8. ☹
9. ☹
10. ☺

**Isaisip:**

1. pagpapahalaga
2. kultura
3. pangkat etniko
4. sayaw
5. bayan

**Tayahin:**

1. a
2. a
3. d
4. a
5. a
6. b
7. d
8. a
9. a
10. d

## *Sanggunian*


- Kagawaran ng Edukasyon. 2015. *Edukasyon sa Pagpapakatao, Kagamitan ng Mag-aaral*, ph. 207-218
- Kagawaran ng Edukasyon. 2015. *Edukasyon sa Pagpapakatao, Patnubay ng guro,* ph. 126-135
- https://rehiyonixzamboangapeninsula.blogspot.com/2014/04/ang-panitikan-ng-rehiyon-ix.html
- https://prezi.com/rom4my3bydu5/mga-katutubong-sayaw-sa-pilipinas/
- https://www.tagaloglang.com/maglalatik/



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat: AILEEN B. LAPID**
Teacher III, Lumad Elementary School
District 11, Division of Pagadian City

**Editors/QA: JUANITO N. CANTILA JR., EdD**
OIC – PSDS, District 14

**Tagasuri:**

**Tagaguhit: JAKIN ASHER A. BENIGA**

**Tagalapat:**

**Tagapamahala:**

**DANNY B. CORDOVA, EdD, CESO VI**
OIC Schools Division Superintendent

**MARIA COLLEEN L. EMORICHA, EdD, CESE**
OIC-Assistant Schools Division Superintendent

**MARIA DIOSA Z. PERALTA**
CID, CHIEF

**MA. MADELENE P. MITUDA, EdD**
EPS-LRMDS

**JOVITA S. DUGENIA**
EPS-EsP

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see A
poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear A
nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.